REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-217

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGPAPATIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MALIPAT ANG KASALUKUYANG LIBINGAN SA ALABANG NA PAG-AARI NG SAMAHANG AGLIPAYANO, INC. SA MAY BARANGAY PUTATAN KANUGNOG NG LIBINGAN NA PAGTATAYUAN NG PAMBAYANG LIBINGAN.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, alinsunod sa Kapasiyahan Bilang 91-200 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtitibay ang pagsasagawa ng panibagong zoning plan para sa Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang zoning plan ng isang bayan ay nagsasaad ng pagkakahati-hati ng gamit ng lupa tulad ng pamahayan, pangkalakal, institusyunal at iba pa at sang-ayon sa antas ng paggamit dito;

SAPAGKAT, ang zoning plan ay nagsasaad rin kung saan nais ng pamunuan ng bayan maganap ang paglaki at pag-unlad ng ilang partikular na lugar;

SAPAGKAT, marami ng pagbabagong nangyari sa maraming lugar sa Muntinlupa tulad ng Barangay Alabang na kadalasan ay nagbabago ang pangkalahatang anyo ng gamit ng lupa at dahil sa ganitong kadahilanan ay ginagawang makaluma o lipas na ang umiiral na zoning plan;

SAPAGKAT; ang libingan sa Alabang ay hindi na bumabagay sa kabuuang anyo ng kapaligiran nito na pawang mga establisimentong pangkalakal o pangkomersiyal ang mga nakatayo;

SAPAGKAT, lubhang maliit at masikip na ang libingan sa Alabang bukod sa punong-puno na at maaaring maging sanhi ng suliraning pangkalusugan sa mga naninirahan sa kapaligiran nito;

SAPAGKAT; magiging maginhawa para sa mga kaanak kung magkakaroon ng higit na malaki at maaliwalas na libingan na pupuntahan at pagdadalawan ng mga pumanaw at inilibing na mahal sa buhay;

SAPAGKAT, ang paglalagyan ng panibagong libingan ay umaayon sa zoning plan at may pagsang-ayon ang Tanggapan ng Pangkalusugan hinggil sa kaligtasan ng mga mamamayan sa anumang sakit na maaaring idulot nito dahil malayo sa pamahayan at may wastong sanitasyon.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



SAPAGKAT, bubuo ng isang komite na kinabibilangan ng Tagapangulo ng Komite ng Pagsosona, Tagapangulo ng Komite ng Kalusugan at Sanitasyon at Pinuno ng Tanggapan ng Kalusugan na babalangkas ng mga panuntunan sa paglilipat ng kasalukuyang libingan sa Alabang na pag-aari ng Samahang Aglipayano, Inc. sa may Barangay Putatan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagpapatibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na malipat ang kasalukuyang libingan sa Alabang na pag-aari ng Samahang Aglipayano, Inc. sa may Barangay Putatan kanugnog ng libingan na pagtatayuan ng Pambayang Libingan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang 171st regular na pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts